# Paano ako makakapag handog o mag “donate”?




Sa Quebec, may 3 paraan upang makapag rehistro kung sinoman gustong mag handog:

- Pirmadong “sticker” o etiketa sa likod ng iyong “Medicare Card”
- Ang tala o “registry” ng RAMQ
- at sa pamamagitan ng notario

Anuman ang iyong desisyon, palagi kang makakatanggap ng tamang tulong medikal o “medical care”. Kausapin mo  ang iyong pamilya kung nais mo o hindi na mag handog.  Ang desisyon mo ay palaging respetado.

**Laging tandaan na ang donasyon o “donation” ay mangyayari lamang kung sinabi ng doctor na ikaw ay patay na.**

## Sa iba pang impormasyon:

Tumawag sa MUHC Nurse Clinician para sa donasyon ng “Organ” o bahagi ng katawan at “Tissue” o laman ng iyong katawan sa telepono bilang: 514-934-1934, x-36590

# Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

**• Organ donation o pag handog ng bahagi ng katawan**
www.signezdon.gouv.qc.ca
Anuman ang iyong edad ay maa-ari kang mag handog basta wala kang kanser

**• Tissue Donation o paghahandog ng laman ng iyong katawan**
www.signezdon.gouv.qc.ca
Ang maa-aring mag handog ay may edad na 85 o mas bata. Kung ikaw ay may sakit na kanser ang “cornea” ng mata lamang ang maa-ari mong ibahagi

**• Body donation for science o paghahandog ng iyong pisikal na katawan para sa siyensya**
www.deces.info.gouv.qc.ca/en/
Makipag-usap muna sa doktor kung maa-ari mong i-handog ang iyong pisikal na katawan. Maa-ari mong ihandog ang “cornea” ng iyong mata.

**• Sa iba pang uri ng maa-ari mong ihandog bilang donasyon**
Alamin sa iyong doktor kung ano ang maa-ari mo parin ihandog para sa pananaliksik o “research”.

© Copyright November 14 2016, McGill University Health Centre. Reproduction in whole or in part without express written permission from patienteducation@muhc.mcgill.ca is strictly prohibited.


Centre universitaire de santé McGill
McGill University Health Centre

Office d’éducation des patients
Patient Education Office

This material is also available through the MUHC Patient Education Office website www.muhcpatienteducation.ca

Centre universitaire de santé McGill
McGill University Health Centre

# Organ and Tissue Donation



Ang paghahandog o donasyon ng anumang bahagi ng iyong katawan ay pansarili mong pagpili. Ibahagi mo sa iyong pamilya ang iyong kahilingan.

Inihanda ng: MUCH Nurse Clinician
Wendy Sherry and Bernard Tremblay

# Ano ang paghahandog o donasyon ng “Organ or Tissue”?

Ang paghahandog ng “Organ or Tissue” ay isang pansariling pagpili na makatutulong sa iba upang manumbalik ang kanilang kalusugan. Ang paghahandog ng “Organ” ay pagsagip sa buhay sa pamamagitan ng pagpalit ng malusog na “organ” sa isang mahina o hindi na malusog na “organ”. Ang paghahandog  o donasyon ng “Tissue” ay makatutulong sa pagpapa unlad ng buhay ng isang tao sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kanilang paningin o para hadlangan ang impeksyon pagkatapos ng pagkasunog ng malala sa bahagi ng katawan.

Ang mga “organ at tissue” na inihandog ay ibinibigay sa mga taong lubos na nangangailangan nito. Ibinibigay ito kaninuman kahit ano pa ang kanyang lahi, kasarian, pinagkakakitaan o personalidad.

Binibigyan ng maingat na importansya at respeto ang iyong katawan sa proseso ng donasyon. Ang mga bahagi ng katawan ay aalisin sa pamamagitan ng “surgery” sa loob ng “operating room” sa hospital at dadalin sa taong nangangailangan. Tapos ang “tissue” at ang mata ay aalisin. Maa-ari pa din piliin ang bukas na kabaong kung ito ang iyong kagustuhan.


# Anu-ano ang mga uri ng donasyon?

Ang mga uri ng “organ” at “tissue” na maa-aring ihandog ay ang mga sumusunod:

- **Organs**
  mga lamang-loob tulad ng
  Puso, baga, pancreas, atay, bato, at bituka
- **Tissues**
  Conrnes (isang bahagi ng mata), balat, pangunahing valves ng puso, buto, at tendons

# Sino ang maa-aring mag handog?

Sino man ay maa-aring maghandog, mula bagong panganak o may edad na. Transplant Quebec at Hema-Quebec ay mag-susuri sa sino man maa-aari at nagnanais maghandog ng kanilang “organ” o “tissue”.



Ang usapan ukol sa kamatayan ay mahirap hindi lang sa iyo kundi sa pamilya din. Subalit, ito ay mahalagang pag-usapan.

# Maa-ari ba akong maghandog kung ako ay may sakit?

Ang paghahandog ay maa-aring mangyari sa maraming paraan at ito ay posible kahit na ikaw ay nasuri na may maka-agaw buhay na sakit o mayroong pang matagalang karamdaman.

# Kailan ko dapat pag-isipan ang bagay na ito?

Ang usapan ukol sa kamatayan ay mahirap hindi lang sa iyo kundi sa pamilya din. Subalit, ito ay mahalagang pag-usapan. Malaki ang mai-tutulong nito kung mag de-desisyon na at kailangan magbigay ng patnubay ukol sa uri ng paggamot na medikal na iyong nais kung sakali na hindi ka na makapagsalita.

Kung nais maghandog, mayroong suporta at mga  pagpipilian na nakahanda para sa iyo.